



PATNUBAY SA MISA

17 Pebrero 2019

Ika-6 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon K

Ang Pagiging Tunay na Mapalad at Kaawa-awa

Tayo ay nasa Ikaanim na Linggo sa Karaniwang Panahon. Nais tayong turuan ng Panginoon ng lihim ng pagiging tunay na mapalad at ng pagiging tunay na kaawa-awa. Ang sukatan ay ang mga bagay na hindi masusukat. Hindi yaman, kapangyarihan, at kasikatan ang batayan. Ayaw nating bumili ng mga bagay na madaling masira. Nais nating sulit ang ating pinaggugugulan ng salaping ating pinaghirapan. Kaya sana ang ating pinaghihirapan sa buhay na ito ay umabot sa buhay na walang hanggan. Ito ang pamantayan ng Diyos at ito ay ibang iba sa pamantayan ng tao.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D'yos ko, ikaw ang kublihan, tagapagtanggol kong tunay. Iligtas mo't patnubayan yaring aking abang buhay sa ngalan mo'y umiiral.

Pagbati

P –Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristong tunay na mapalad, ang pag-ibig ng Diyos Amang mapagpala, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nagpapabanal ay sumainyong lahat!

B –At sumaiyo rin!

Pagsisidi

P –Magsisi tayo para sa ating mga maling pagpapasya sa buhay at sa mga taliwas na pamantayang ating pinagbatayan ng ating mga balak. *(Manahimik saglit.)*

P –Para sa aming labis na pagpapahalaga sa yaman ng daigdig na ito, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming paghahangad na magkamal ng kapangyarihan, Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Para sa aming pagkasilaw sa ningning ng kasikatan sa lupang ibabaw, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.

Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, pinangangatawanan mong manahan sa mga may loobing tapat at maaasahan. Sa kagandahang-loob mo, kami nawa'y makapamuhay bilang mga mapalad na maging iyong tahanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

Jer 17:5-8

Ang sipi galing sa Aklat ni Propeta Jeremias ay nakatuon sa tiwala sa Diyos. Ang taong umaasa sa Diyos ay talagang mapalad. Ang taong sa kapwa-tao lamang umaasa ay kaawa-awa. Natutulad ang taong umaasa sa Diyos sa halamang nakatanim sa tabi ng batisan – ito ay laging sariwa.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Parurusahan ko ang sinumang tumatalikod sa akin, at nagtitiwala sa kanyang kapwa, sa lakas ng mga taong may hangganan ang buhay. Ang katulad niya’y halamang tumubo sa ilang, sa lupang tigang, at sa lupang maalat na walang ibang tumutubo; walang mabuting mangyayari sa kanya.

Ngunit maligaya ang taong nananalig sa Poon, pagpapalain ang umaasa sa kanya. Ang katulad niya’y halamang nakatanim sa tabi ng batisan, ang mga ugat ay patungo sa tubig; hindi ito manganganib kahit dumating ang tag-init, sapagkat mamamalaging luntian ang mga dahon nito, kahit di umulan ay wala itong aalalahanin; patuloy pa rin itong mamumunga.”

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 1*
B – *Mapalad ang umaasa sa Panginoon tuwina!*

R. M. Velez



* **Mapalad ang taong hindi naakit niyong masasama, upang sundan niya ang kanilang payo’t maling halimbawa; hindi sumasama sa sinumang taong ang laging adhika’y pagtawanan lamang at hamak-hamakin ang Diyos na dakila. Nagagalak siyang laging magsaliksik ng banal na aral, ang utos ng Poon siyang binubulay sa gabi at araw.** **B.**

* **Ang katulad niya’y isang punongkahoy sa tabing batisan, sariwa ang daho’t laging namumunga sa kapanahunan, at anumang gawin**

ay nakatitiyak na magtatagumpay. **B.**

* **Ngunit ibang-iba ang masamang tao; ipa ang kawangis, siya’y natatangay at naipapadpad kung hangi’y umihip. Sa taong matuwid ay Panginoon ang s’yang mag-iingat, ngunit kailanman ang mga masama ay mapapahamak.** **B.**

Ikalawang Pagbasa I Cor 15:12-16-20

Ang ating Ikalawang Pagbasa ay tungkol sa kahalagahan ng Muling Pagkabuhay ni Kristo para sa bawat taong nabubuhay sa daigdig na ito. Ang Muling Pagkabuhay ni Kristo ang nagbibigay ng kaganapan sa buhay ng tao. Ito ang nagbibigay ng kabuluhan sa kanyang buong pagkatao.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:

Kung ipinangangaral naming si Kristo’y muling nabuhay, ano’t sinasabi ng ilan sa inyo na hindi bubuhaying muli ang mga patay? Kung hindi bubuhaying muli ang mga patay, hindi rin muling binuhay si Kristo.

At kung hindi muling binuhay si Kristo, kayo’y hindi pa nahahango sa inyong mga kasalanan, at walang katuturan ang inyong panampalataya. Hindi lamang iyan, lilitaw pa na ang lahat ng namatay na nananalig kay Kristo ay napahamak. Kung ang pag-asa natin kay Kristo ay para sa buhay na ito lamang, tayo na ang pinakakawawa sa lahat ng tao.

Ngunit ang totoo, si Kristo’y muling binuhay bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya *Lu 6:23ab*

B – **Aleluya! Aleluya!**
Magalak kayo’t magdiwang!
Malaki ang nakalaang gantimpala niyong tanan.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 6:17.20-26

Ang sipi ng ating Ebanghelyo ay may dalawang bahagi. Ang una ay ang talaan ng apat na uri ng mga taong talagang mapalad. Ang ikalawa naman ay ang talaan ng apat na uri ng mga taong tunay na kaawa-awa.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, bumaba si Hesus, kasama ang Labindalawa, at tumayo siya sa isang patag na lugar. Naroon ang marami sa kanyang mga alagad at ang napakaraming tao buhat sa Judea at Jerusalem, at sa mga bayan sa baybaying-dagat ng Tiro at Sidon. Tumingin si Hesus sa mga alagad, at kanyang sinabi: “Mapalad kayong mga dukha, sapagkat ang Diyos ang maghahari sa inyo!

Mapalad kayong mga nagugutom ngayon, sapagkat kayo’y bubusugin!

Mapalad kayong mga tumatangis ngayon, sapagkat kayo’y magagalak!

Mapalad kayo kung dahil sa Anak ng Tao kayo’y kinapopootan, ipinagtatabuyan at inaalimura ng mga tao, at pati ang inyong pangalan ay kinasusuklaman. Magalak kayo at lumukso sa tuwa kung ito’y mangyari, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit – gayon din ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga propeta.

Ngunit sa aba ninyong mayayaman ngayon, sapagkat nagtamasa na kayo ng kaginhawahan!

Sa aba ninyong mga busog ngayon, sapagkat kayo’y magugutom!

Sa aba ninyong nagsisitawa ngayon, sapagkat kayo’y magdadalamhati at magsisitangis!

Sa aba ninyo, kung kayo’y pinupuri ng lahat ng tao, sapagkat gayon din ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga bulaang propeta.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatawan-tao siyaalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Tayo ay nagagalak sa mga pagpapala ng Diyos. Puno ng paghahangad na tayo ay mapuspos ng mga biyaya ng Panginoon, ating sasambitin:

B –Amang mapagpala, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maipamalas nila sa lahat ang buhay na puno ng pagpapala, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay mapahalagahan nila ang mga bagay na nagdadala ng tunay na masayang buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang tumalima nawa sila sa kalooban ng Diyos at nang maitaguyod ang tunay na pinagpalang lipunan sa ating bayan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga taong nahuhumaling sa mga bagay na lumilipas at nagdadala ng kaawa-awang buhay, upang matuklasan nila ang lihim ng masaya at pinagpalang buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang sumidhi ang ating pananabik sa mga bagay na talagang nagpapasaya at nagdudulot ng tunay na pagpapala, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! **B.**

P –Ama naming mapagpala, ibuhos Mo sa amin ang handog

ng Iyong Espiritu upang turuan kaming piliin ang mga bagay na siyang ugat ng tunay na masayang buhay, alinsunod as turo ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B –Amen!



P –Manalangin kayo. . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, kami nawa’y dalisayin at panibaguhin ng aming gaganaping paghahain. Kami nawa’y itaguyod ng gaganing naming ito sa pagnanais naming sundin ang loob mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo IV

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanyakanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya’t siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Aming ipinahahayag na na-

matay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiya at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B** – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Pahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa pagkaing ibinigay ng Panginoong Maykapal ay nasiyahan ang tanan. Kanilang inaasaha’y nagkamit ng katuparan.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay gawin mong laging manabik na pagsaluhan ang kaloob mong ito sa aming ikabubuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** – Amen!



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

Puspusin nawa ang inyong mga isip ng Kanyang katotohanan at ang inyong mga puso ng Kanyang pagmamahal upang kayo'y maging sinag ng pag-asa sa lahat ng nakapaligid sa inyo.

B–Amen!

P–Pahalagahan nawa ninyo ang

lahat ng buhay, lalo na ang buhay ng tao.

B–Amen!

P–Bigyan nawa kayo ng kapang-yarihang magtanggol at mag-taguyod sa buhay ng tao laban sa lahat ng karahasan.

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapang-

yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B–Salamat sa Diyos!

Ang mga Taong Tunay na Pinagpala

Ang *Unang Pagpapala*. Ang mga dukha ay ang mga taong wala nang ibang inaasahan kundi ang Diyos. Sila ang tinutukoy sa Banal na Kasulatan na mga *anawim*. Wala silang maipanganahas kaninuman maliban sa kanilang tiwala sa Diyos. Anumang yaman, pag-aari o kabutihang nasa kanila ay tinatanaw nilang utang na loob sa Panginoon. Dahil dito ang paghahari ng Diyos sa kanila ay itinuturing nilang handog ng Diyos at di kabayaran sa kanilang nagawa.

Ang Ikalawang Pagpapala. Ang mga taong nagugutom ay ang mga nagmimithing makatupad sa kalooban ng Diyos at makamtan ang kaligtasang dulot ng Diyos. Ang kaligtasang ito ay bunga ng katapatan ng Panginoon sa tipan. Walang kulang ang kaligtasang ibibigay ng Diyos. Kaya nga ang dapat pagsumakitan ay ang “mamuhay nang ayon sa Kanyang kalooban” (*Mt 6:33*), dahil sa ang lahat ng pangangailangan ay tutugunan ng Diyos (*tingnan, Mt 6:33*). Ang mga nagmimithing makatupad sa kalooban ng Diyos ay bibigyan Niya ng “hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa” (*Lu 6:38*).

Ang Ikatlong Pagpapala. Ang mga tumatangis ay ang mga taong nama-

tayan, napinsala, o natatakot sa parusa ng Diyos. Ngunit tumatangis din naman ang mga taong nakapupunang marami ang lumalapastangan o di kaya’y nagwawalang-bahala sa Panginoon. Ang mga tumatangis na ito ay aaliwin ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabago at kaayusang dala ng Mesias (*tingnan, Is 61:1-2*).

Ang Ikaapat na Pagpapala. Ang mga pinag-uusig ay ang mga nahihirapan ng dahil sa Diyos. Tatlong uri ng paghihirap ang maaaring tukuyin: (1) pagkapoot; (2) pagtataboy ng mga tao; (3) pag-aalimura ng mga tao at pagwikaan ng lahat ng uri ng kasamaan. Ang mahirapan dahil sa katarungan ay madalas banggitin sa mga salmo (*tingnan, Awit 22 at 34:19-20*). Ang buhay Kristiyano ay pagtahak sa daan ng krus.

Ang paghihirap ay dapat mauna sa pagsasaya. Ngunit tiyak ang pagsasayang nag-aabang sa mga nahihirapan para sa Panginoon. Dalawang uri ng pagsasaya ang tinutukoy ni Mateo. Ang una ay ang gantimpala sa langit o sa piling ng Diyos. Ito ay isang gantimpalang higit sa anumang maaasahan ng tao. Ang ikalawa naman ay ang pagiging katulad ng mga propeta, ang mga taong iginagalang at hinahangaan ng mga alagad.

Makinig sa *Radyo Totoo* (846 kHz)

tuwing Sabado ala-5:00 ng hapon hanggang ala-6:00 ng gabi, at makibahagi sa

“BISPERAS SA VERITAS” -

ang masigla’t “*interactive*” na palatuntunang pantulong para tuklasin

ang mensahe ng Salita ng Diyos

para sa ikatatatag ng inyong buhay, mag-anak, at pamayanan.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco • Circulation: R. Saldua